ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu
Mayo 15, 2016
www.philippinerevolution.net

# MGA HAHARAPIN SA ILALIM NI DUTERTE

**Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**

Inilulugar ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang kabuluhan ng paglitaw ni Davao Mayor Rodrigo Duterte bilang pangunahing pulitikal na kinatawan ng naghaharing uri at pinuno ng reaksyunaryong kliyenteng estado at ang mga idudulot nito sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng digmang bayan.

**1. Kabuluhan ng pagkakahalal kay Duterte bilang presidente**

Ang pagkakahalal kay Davao City Mayor Rodrigo Duterte bilang susunod na presidente ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ay malinaw na pagwaksi sa ipinamamarali ni Aquino na "mabuting pamahalaan," "inclusive growth" at "tuwid na daan." Dinaig niya si Mar Roxas, ang kandidato ng naghaharing rehimen na may napakalaking pondo at pampulitikang suporta.

Mariing inatake ni Duterte ang rehimeng Aquino at itinanghal ang sarili bilang kabaligtaran ng pamumunong oligarkiya at asendero, batid ang malalim na galit ng mamamayang Pilipino sa rehimeng Aquino at sa anim na taon nito ng korupsyon, panlilinlang, pagkatuta at lansakang kakulangan ng pagtugon sa pangangailangan ng mamamayang Pilipino.

Sa pamamagitan ng paghamig ng malawak na suporta, pagpapakilos ng malalaking bilang ng mga tao, pagtatambol sa *social media* at *hi-tech* na mga kontra-aksyon, napigilan ni Duterte ang mga plano ng rehimeng US-Aquino na gamitin ang de-kompyuter na sistema ng pagbibilang upang nakawin sa kanya ang pagkakahalal. Gayunpaman, malakas ang mga indikasyon na ang mga resulta ng halalan ay minanipula para palakihin ang boto ni Roxas, paburan ang mga kandidato ni Aquino sa bise-presidente at senador, gayundin upang pigilan ang mga progresibong partylist na makakuha ng dagdag na mga pwesto sa parlamento.

Kabilang ang mga asasinasyong kaugnay ng eleksyon, bentahan ng boto, paggamit ng pondo ng mamamayan, paglipat-lipat ng partido, de-kompyuter na dayaan, at iba pa, ang katatapos na reaksyunaryong halalan ay kasing dumi at bulok ng dati, salungat sa paggigiit na ito ay demokratiko, malinis at kapani-paniwala.

Ang pag-akyat ni Duterte bilang presidente ay sumasalamin sa papalalim at papalalang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Nahatak niya ang malawak na suporta ng mamamayan dahil ipinakilala niya ang sarili bilang karamay sa kanilang diskuntento at malalim na pagnanais na tapusin na ang mapang-api at bulok na naghaharing sistema.

Ang pagkakahalal kay Duterte ay sumasalamin din ng lumalalim na paksyunal na tunggalian sa hanay ng naghaharing uri. Hinati niya ang mga pulitikong *elite* sa kanyang buladas na puno ng pagmumura.

Sa pagpapaandar ng kanyang kampanya sa eleksyon, inasahan niyang magpopondo sa kanyang kampanya ang mga kontribusyon ng malalaking negosyante at grupong pulitikal, mga *kingmaker*, relihiyosong sekta, pangkating militar at iba pang mga interesadong grupo, kapalit ng pang-ekonomya at pampulitikang pabor pagdating ng panahon. Gumastos siya ng bilyon sa kanyang kampanya sa midya at sa patalastas, gayundin sa kanyang kampanya sa *social media*.

Itinataguyod ni Duterte at ng kanyang mga alyado ang pederalismo na pumupuna sa kakulangan ng pambansang atensyon at rekurso, mabagal na pagbibigay ng mga serbisyong panlipunan at kakulangan sa pagpapaunlad sa mga lokal na ekonomya. Ang gayong panukala ay salamin ng kahilingan ng mga naghaharing uri na lalupang paghati-hatian ang mga rekurso ng bayan sa pagitan nila.

May ilang seksyon ng mga pulitikong *elite* ang sumusuporta kay Duterte sa pag-asang maitulak ang kanyang krusada laban sa krimen upang mabigyang katwiran ang pagtatayo ng isang estadong-pulis. Ninanais nila ang pagpataw ng mas mahihigpit na hakbang sa pagsupil sa demokratikong mga karapatan ng mga manggagawa at

karapatang tao ng mamamayan upang maging lalong mabisa ang kanilang pagsasamantala at pandarambong sa yamang-tao at likas na yaman ng bayan.

Sa pag-upo ni Duterte bilang presidente ng GRP, sa unang pagkakataon, ang kliyenteng-estadong Pilipinas ay pamumunuan ng isang hindi lubos na tali sa mga imperyalistang US. Dating kinagalitan ni Duterte ang US at ang US CIA sa pagpupuslit sa kanilang ahenteng si Michael Meiring na aksidenteng nakapasabog ng inihahanda niyang bomba sa loob ng isang hotel sa Davao sa kasagsagan ng mga teroristang pambobomba ng US sa Mindanao noong 2002. Tinutulan niya ang paggamit sa paliparan ng Davao bilang base ng mga operasyong *drone* ng US at pinuna niya ang EDCA. Tinuligsa ni Duterte ang kasalukuyang mga ambassador ng US at Australia sa pulitikal na pakikialam matapos magkomentaryo sa kanyang masagwang biro tungkol sa panggagahasa.

Sa kabilang banda, marami sa mga pulitikong *elite* ay maka-US at pabor sa paghahari at presensyang militar ng US. Ang CIA at militar ng US at lokal na mga ahente nito ay nangingibabaw sa maraming aspeto ng naghaharing estado, laluna sa AFP. Pinalilibutan mismo ni Duterte ang kanyang sarili ng mga opisyal na maka-US at maka-IMF/WB. Patuloy ring nangingibabaw ang US sa kongreso ng Pilipinas, sa Korte Suprema, sa mga patakarang pang-ekonomya ng GRP at mga ahensya sa pinansya, midya at mga organisasyong pangkultura.

Kung tototohanin at masiglang itutuloy ni Duterte ang kanyang pangakong pawiin ang kriminalidad, laluna ang malawakang kalakalan sa droga sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan, malamang na lilikha ito ng malalim na bitak sa hanay ng mga heneral ng militar at pulisya at mga burukrata kapitalistang protektor, opereytor at kabakas ng mga sindikatong kriminal.

Inihayag na niya ang kanyang layuning magdeklara ng tigil-putukan bilang isa sa mga unang hakbang bilang presidente upang isulong ang usapang pangkapayapaan sa NDFP, gayundin sa iba't ibang mga grupong kumakatawan sa mamamayang Moro. Nirespeto niya at pinangalandakan pa nga ang kanyang pakikipagkaibigan sa rebolusyonaryong mga pwersa sa laking dismaya ng mga militaristang ang gusto lamang ay supilin ang paglaban ng mamamayan.

Itinanghal ni Duterte na siya'y naiiba, isang pulitikong kontra-establisimento at isang "sosyalista" at nagpapahayag na siya ang magiging unang "Kaliwang presidente" ng bayan. Ang pagsabi ni Duterte na siya'y sosyalista, ang kanyang anti-US na mga pagbatikos, kahandaang magpaunlad ng relasyon sa China at kasigasigan para sa usapang pangkayapaan sa mga pwersang rebolusyonaryo ay hindi magiging katanggap-tanggap sa mga masugid na tagapagtanggol sa dogma ng interbensyong militar ng US, hegemonismo at kontra-insurhensya.

**2. Ang hinaharap ng pinabilis na negosasyong pangkapayapaan sa rehimeng Duterte**

Matapos ang 15 taong pagkabalam ng negosasyong pangkapayapaan ng NDFP at GRP, marubdob na inaasam ng mamamayang Pilipino ang pag-usad ng mga pagsisikap na matamo ang isang napagkasunduang pampulitikang resolusyon sa matagalang digmaang sibil.

Ang ilang progresibong aspeto sa pagsasalita ni Duterte, ang kanyang pagkilala kapwa sa pagiging lehitimong pwersang pampulitika at sa armadong pampulitikang kapangyarihan ng rebolusyonaryong kilusan at ang kasaysayan ng kanyang pakikipagtulungan sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Mindanao, ay maaaring magpabilis sa negosasyong pangkapayapaan.

Ikinalulugod ng PKP at ng mga rebolusyonaryong pwersa ang plano ni Duterte na seryosong ipagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP gayundin ang kanyang plano na bumisita sa The Netherlands upang personal na makipagpulong sa *senior political consultant* ng NDFP na si Prof. Jose Ma. Sison at ang NDFP *peace panel* sa Utrecht.

Buo ang suporta ng PKP sa panukala ng NDFP na inihapag ni Prof. Jose Ma. Sison, na ipagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaang NDFP-GRP sa ilalim ng gubyernong Duterte sa layuning makapagbuo ng kasunduang magtatatag ng isang gubyerno ng pambansang pagkakaisa, kapayapaan at kaunlaran.

Makakapagbuo sina Duterte at Prof. Sison ng plano para sa pinabilis na negosasyong pangkapayapaan na naglalayong makapagbalangkas, sa loob ng ilang buwan, ng mga kumprehensibong kasunduang tutugon sa mga pundamental na usapin. Bukas ang PKP at BHB na ikunsidera ang mga panukala para sa sabayang tigil-putukan sa takdang panahon ng negosasyong pangkapayapaan.

Inaasahan ng mga rebolusyonaryong pwersa na kikilalanin at itataguyod ni Duterte ang lahat ng umiiral na kasunduang pinirmahan ng NDFP at GRP sa nakalipas na 20 taon, kabilang ang The Hague Joint Declaration ng 1992 na siyang nagsilbing balangkas at batayan ng mga negosasyon; ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG); ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) ng 1998; at iba pa.

Dapat lamang maging kabilang sa mga unang hakbang na ipatutupad ng rehimeng Duterte upang itaguyod ang negosasyong pangkapayapaan ang pagpapalaya ng lahat ng nakadetineng konsultant ng NDFP at pagtiyak na makabibiyahe sila patungo sa nyutral na teritoryo kung saan idaraos ang mga negosasyon. Sila ay pataksil na inaresto, labag sa naunang mga kasunduan at pinagdusa ng di-makatarungang pagkakabilanggo nang mahabang panahon.

**3. Hamon para sa mga makabuluhang reporma sa ilalim ni Duterte**

Ang mga pahayag ni Duterte ay nagpataas sa mga inaasahan ng mamamayan para sa makabuluhan at mabibilis na reporma.

Bilang isang deklaradong katunggali ng pakikialam ng US, may natatanging pagkakataon si Duterte na wakasan ang 70-taong kadena ng mga papet na gubyerno ng US mula pa sa rehimeng Roxas noong 1946.

Magagawa niyang baligtarin ang ipinamana ni Aquino na pambansang kahihiyan ng pagiging tau-tauhan sa estratehiyang "pihit sa Asia" ng US nang pahintulutan ang US na ipanumbalik ang mga baseng militar nito at magmantine ng permanenteng presensya ng mga barkong pandigma, *jetfighter, drone* at tropang interbensyunista.

Upang makontra ang pagkapapet ni Aquino, dapat niyang bawiin ang kanyang paninindigang manatili ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Dapat niyang agad na abisuhan ang gubyernong US sa kanyang balak na ipawalambisa ang EDCA na pinirmahan bilang isang ehekutibong kasunduan noong Abril 2014. Dapat niyang kanselahin ang pagpahintulot ng EDCA na gamitin ang limang kampo ng AFP bilang mga base at pasilidad militar ng US.

Maaari niyang paabutan ang US ng balak na tapusin ang di-pantay na Visiting Forces Agreement (VFA), ang Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) at ang Status of Forces Agreement (SOFA) gayundin ang Mutual Defense Treaty ng 1951, ang punong kasunduan at ugat ng lahat ng di pagkakapantay-pantay pangmilitar.

Maaari niyang agad na pauwiin si US Ambassador Goldberg dahil sa pakikialam sa mga usaping panloob ng Pilipinas.

Si Duterte ay maaaring maging kauna-unahang presidente ng Pilipinas na magpapatupad ng nagsasariling patakarang panlabas, yaong hindi nakatali at nakaasa sa US. Tungo rito, dapat kundenahin ni Duterte ang pang-uupat ng digma ng US at paggirian ng US at China at labanan ang militarisasyon ng mga pwersang militar ng US at China sa teritoryal na karagatan. Dapat niyang pagbawalan ang militar ng US na gamitin ang Pilipinas bilang base ng kanyang interbensyunismo. Kapag ginawa niya ito, siya ang magiging kauna-unahang “world-class” na presidente ng Pilipinas na nanindigan para sa soberanya ng Pilipinas at pumigil sa pagpapaigting-militar sa rehiyon.

Dapat niyang tutulan ang itinutulak ng US na pagbabago sa konstitusyon upang tanggalin ang natitirang mga pagbabawal sa dayuhang pagmamay-ari bilang rekisito para makapasok ang Pilipinas sa Trans-Pacific Partnership, na tinaguriang "pinakamaruming kasunduan".

Kaakibat nito, maaari siyang magpatupad ng patakaran sa pagpapaunlad ng pang-ekonomya at pangkalakalang ugnayan na mutwal na kapaki-pakinabang sa Pilipinas at sa China, sa layuning wakasan ang pang-ekonomya at pangkalakalang pagsandig sa US. Maaari siyang magpatupad ng patakaran ng bilateral na pakikipag-usap sa China upang mapayapang resolbahin ang tunggalian sa South China Sea at salungatin ang presensyang militar ng US sa erya. Maaari niyang samantalahin ang mga pondong may mababang interes mula sa Asian International Infrastructure Bank (AIIB) ng China upang suportahan ang pagpapaunlad ng lokal na industriya at manupaktura.

Maaaring itulak ni Duterte ang pagbubuo ng mga kasunduan sa mga bansang pinagkukunan ng langis katulad ng Venezuela, Russia o Iran para sa sentralisadong pagbili ng estado ng murang langis na dati'y hindi magawa dahil sa ugnayang panlabas ng Pilipinas na nakatali sa US.

Bilang marubdob na tagasuporta ng kontra-krimen at kontra-korupsyon, ang hamon kay Duterte ay ang pag-una sa pinakamalalaking kriminal. Ang maliliit na isdang kriminal ay maglalaho kung wala ang kanilang malalaking isdang protektor at mga pating na nasa pinakamataas na burukrasya at organisasyon ng militar at pulisya.

Maaari niyang agad na ipatupad ang pag-aresto at mabilis na paglilitis kay Benigno Aquino III, Florencio Abad at sa pinakamalalaking kriminal na responsable sa paglustay ng trilyon-pisong panggagantsong DAP at pigilan silang lumabas ng bansa. Dapat niyang tapusin ang paglilitis kay Gloria Macapagal-Arroyo at tiyaking mapapanagot siya sa kriminal na responsibilidad sa maanomalyang kasunduang broadband sa ZTE at iba pang kaso ng korupsyon, kabilang na ang pandaraya sa eleksyong 2004.

Patuloy na nagpapalawak ng kanilang mga operasyon ang pinakamalalaking *drug lord* at kriminal na sindikato sa ilalim ng proteksyon ng pinakamatataas na heneral ng AFP at PNP. Sa paglutas ng malaganap na kalakalan ng droga, kakailanganing isugal ni Duterte ang pagpapailalim sa pinakamataas na pamunuan ng militar at pulisya sa isang mayor na pagrekisa upang ihiwalay, kasuhan, at parusahan ang mga kriminal. Ang maliliit na nagtutulak at gumagamit ng droga ay dapat tulungang magbago sa pamamagitan ng pag-eempleyo sa kanila at pagtatatag ng mga sentro para sa medikal at sikolohikal na rehabilitasyon mula sa pag-abuso sa droga.

Wastong idineklara ni Duterte ang kanyang planong unahin ang agrikultura, edukasyon at kalusugan. Dapat niyang agad na lutasin ang kagyat na mga pangangailangan ng masang anakpawis na manggagawa at magbubukid.

Upang mapaunlad ang agrikultura, hinahamon si Duterte na tugunan ang hinaing para sa tunay na reporma sa lupa na kapwa kagyat na hakbanging pang-ekonomya at para sa katarungang panlipunan. Ang tunay na reporma sa lupa ay ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang nagbubungkal ng lupa. Ang pekeng reporma sa lupa ng nagdaang 30 taon ay napakabigat na pasanin sa bentahan ng lupa kung saan pinagbayad ang mga magbubukid na dati na nilang nakamit sa matagal na panahon ng pyudal na paghuhuthot.

Dapat kanselahin ni Duterte ang lahat ng di-nababayarang amortisasyon at akuin ang mga utang kung saan ginawang kolateral sa prenda ang mga titulo ng lupa. Maaari siyang makipagtulungan sa mga organisasyon ng masang magbubukid upang magpatupad ng tunay na

distribusyon ng lupa sa Hacienda Luisita, gayundin sa Hacienda Dolores at maraming iba pang pyudal na pag-aaring lupain. Maaari niyang agad na ipahinto ang malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupang sakahan at pribatisasyon ng pampublikong mga lupain na nagresulta sa malawakang pagpapalayas sa mga magbubukid at pambansang minorya mula sa kanilang mga lupain.

Bilang isang patakarang pang-ekonomya, mapakakawalan ng tunay na reporma sa lupa ang produktibong potensyal ng masang magbubukid bilang mga nagmamay-ari ng lupa at mapalalawak ang pamilihan para sa mga manupaktura.

Ang isang kaugnay na patakaran para sa pambansang industriyalisasyon ay dapat ituon sa mekanisasyon ng agrikultura upang ibunsod ang paglikha at pagproseso ng pagkain upang tiyakin ang sapat na suplay ng mababang presyong bigas, poltri, karne, at gulay. Dapat na palawakin ang mga pasilidad sa irigasyon at laanan ng pondo para sa libreng paggamit ng mga magsasaka.

Idineklara ni Duterte na hindi siya ekonomista at sinabing makikinig siya sa mga eksperto. Sa kasamaang-palad, ang mga sinasabing ekspertong kanyang itatalaga ay mga teknokrata at malalaking negosyanteng nangunguna sa mga neoliberal na patakarang pang-ekonomya at nagsisilbi sa malalaking dayuhang kapitalista, at hindi sa pagtutulak ng lokal na pang-ekonomyang pag-unlad at produksyon. Itinataguyod nila ang ekonomya ng "pag-akit sa dayuhang pamumuhunan" at "pagbawas ng mga restriksyon" na siyang hinahangad ng US at malalaking dayuhang kapitalista.

Sa pagbalangkas ng mga patakarang pang-ekonomya, dapat munang pakinggan ni Duterte ang mga manggagawa't magsasaka, sa halip na malalaking negosyo at teknokrata na nagtataguyod ng iisang patakarang pang-ekonomyang mahigit kalahating siglo nang bigo. Mapagpasya ito. Ang kabiguang gawin ito ay magpapatunay na sa huli, ang kanyang rehimen ay bahagi lamang ng isang tuluy-tuloy na kaayusang neoliberal.

Para abutin ang mabilis na nagsasariling pang-ekonomyang modernisasyon ng Pilipinas na may balansyado at kaakibat na pagpapaunlad ng mabibigat, katamtaman at magagaan na industriya, dapat na iwaksi ni Duterte ang mga neoliberal na liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon na tinahak ng mga nagdaang rehimen. Ang pagsusulong ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ay lilikha ng empleyo at magwawakas sa pangangailangang magkaroon pa ng mga programang pantapal tulad ng *conditional cash transfer* (4Ps) na nagpapalawig lamang sa pagdarahop ng mamamayan at tumatabing sa pagkabulok ng pampublikong serbisyong panlipunan.

Dapat pagtuunan ng pansin ng rehimeng Duterte ang kahingian ng mga manggagawa at empleyado para sa pambansang minimum na sahod at pagbasura sa *wage regionalization*. Dapat niyang wakasan ang kontraktwalisasyon at bawiin ang kanyang naunang mga pahayag laban sa mga karapatan ng mga unyon at manggagawa. Kung wala ang kanilang mga unyon, walang pananggol ang mga manggagawa laban sa mga atake sa kanilang mga sahod.

Sa larangan ng edukasyon, hinahamon si Duterte na ibasura ang K-12 program na ginagawang panlahatan ang edukasyong teknikal at *vocational* upang lumikha ng murang kontraktwal na lakas-paggawa para sa eksport at para sa nakatuon-sa-eksport na mala-manupaktura. Dapat niyang baligtarin ang patakaran ng pagtalikod ng estado sa edukasyon at itaguyod ang patakarang pang-estado na magbigay ng libreng edukasyon para sa lahat.

Maaari niyang isanib ang edukasyon sa nagsasariling pang-ekonomyang modernisasyon sa pamamagitan ng pagtulak sa pananaliksik at pagpapaunlad sa mga larangan ng produksyong agrikultural, paglikha ng enerhiya, pagmanupaktura, teknolohiyang pangkompyuter, mga bagong materyales at iba pa. Upang makapag-iwan ng pangmatagalang pamana ng patriyotismo, dapat niyang ituon ang edukasyon tungo sa isang makabayang pagpapanibago ng kultura sa pamamagitan ng muling pagsusulat ng kasaysayan sa punto de bista ng mamamayang Pilipino sa halip ng kanilang mga kolonyal na mananakop.

Sa larangan ng pampublikong kalusugan, hinahamon si Duterte na ipawalambisa ang patakaran ng pribatisasyon ng mga pampublikong ospital at itaguyod ang patakarang pang-estado na pagbibigay ng libreng pampublikong kalusugan para sa lahat. Maaari niyang tuldukan ang Philhealth na isang palabigasang sistema ng pribadong segurong pangkalusugan. Sa halip, dapat niyang tiyakin na lahat ay nabibigyan ng libreng pangkalusugang atensyon.

Dapat niyang ibigay ang mga batayang serbisyong panlipunan na hinihingi ng mamamayan at baguhin ang pambansang badyet upang maglaan ng sapat na mga pondo para sa edukasyon, kalusugan, pabahay at iba pang mga serbisyo.

Dagdag pa, dapat kanselahin ni Duterte ang mga napaka-kwestyunableng kontrata sa PPP ni Aquino, kabilang na ang MRT Cavite *extension*, na nagbigay sa mga Ayala, Cojuangco, Cosunji, Pangilinan at iba pang malalaking burgesya kumprador ng di-makatarungang bentahe sa paggamit ng mga pampublikong pondo at mga pautang na ginarantiyahan ng estado at tubong tiniyak ng gubyerno.

Sa larangan ng karapatang-tao, dapat palayain ni Duterte ang halos 600 bilanggong pulitikal, na karamiha'y mga magsasaka at manggagawa, na patuloy na naghihirap sa pagkakakulong at nahaharap sa mga gawa-gawang kaso. Maipapatupad ni Duterte ang kanilang paglaya bilang pagpapataas sa pagsisikap ng kanyang gubyerno na itaguyod ang karapatang-tao at bilang pagtalikod sa pag-endorso sa ala-*vigilante* na pamamaslang.

Dapat niyang hawanin ang daan sa pagbabalik ng mga bakwit na Lumad sa pamamagitan ng pag-utos na paalisin ang mga nag-ooperasyong tropa ng AFP mula sa kanilang mga paaralan, komunidad at lupain at pahintu-

lutan ang mamamayan na muling buksan ang mga paaralang pinatatakbo ng kanilang mga komunidad. Dapat niyang tugunan ang kahingian ng mamamayang Lumad para sa katarungan at kilalanin ang kanilang komprehensibong mga karapatan bilang pambansang minorya, gayundin ang iba pang grupong minorya.

Dapat siyang magsagawa ng mga hakbangin upang parusahan ang lahat ng tagalabag ng karapatang tao sa nagdaang 30 taon. Dapat niyang ipatigil ang ekstrahudisyal na pagpaslang. Dapat niyang tugunan ang kahingiang wakasan ang sulsol-ng-US na "kontrainsurhensyang" mga operasyong Oplan Bayanihan at ang militarisasyon ng kanayunan.

**4. Mga hamon sa mamamayang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan**

Habang hinaharap ang rehimeng Duterte sa usapang pangkapayapaan at posibleng pakikipag-alyansa para isulong ang pambansa at demokratikong hangarin ng sambayanang Pilipino, walang humpay na isusulong ng mga rebolusyonaryong pwersa ang armadong paglaban ng bayan at mga demokratikong pakikibakang masa. Habang bukas sa pakikipagtulungan at alyansa, dapat walang-hupa ang kanilang pagpuna at paglaban sa lahat ng anti-mamamayan at maka-imperyalistang patakaran at hakbangin. Hindi magkakaroon ng "honeymoon" sa rehimeng Duterte.

Habang nagpakita ng ilang aspetong progresibo ang papasok na presidente ng GRP, mulat din ang mga rebolusyonaryong pwersa na sa pangunahin, siya ay kabilang sa mga pulitikong *elite* ng naghaharing uri.

Sa nagdaang apat na dekada, pinagsilbihan niya ang sistema bilang burukrata at ipinatupad ang mga batas at patakaran nito. Nakipag-ugnayan siya sa mga dayuhan at lokal na malalaking kapitalista, mga nagmamay-ari ng mga plantasyon at malalaking panginoong maylupa na umaasang makikinabang sa ilalim ng kanyang rehimen. Ang masang manggagawa, magsasaka at manggagawang bukid sa Davao City ay matagal nang nagdurusa sa mapang-api at mapagsamantalang kundisyon sa malalaking plantasyon at negosyong *contract-growing* na pang-eksport.

Sa inilahad na mga patakaran ni Duterte, wala pa siyang malinaw na paghiwalay sa naghaharing kaisipang neoliberal sa ekonomya na nagdulot ng malalang kahirapan sa mamamayang Pilipino sa nagdaang mahigit tatlong dekada.

Sadyang nakita na sa kasaysayan ng mundo ang paglitaw, sa ilalim ng ilang kundisyon, ng anti-US na mga lider sa mga bansang pinaghaharian ng US. Sa nagdaang ilang taon, sina Hugo Chavez ng Venezuela (1999-2013) at Evo Morales ng Bolivia (2006-kasalukuyan) ay militanteng nanindigan para ipagtanggol ang karapatan ng kanilang bansa sa pagpapasya-sa-sarili.

Sa pagtataguyod ng anti-imperyalismo, nagawa ng kanilang mga gubyerno na palayain ang malaking rekurso tulad ng lupa at langis mula sa dayong kontrol at ilaan ito sa mamamayan sa anyo ng papalaking subsidyo ng estado para sa edukasyon at pampublikong kalusugan. Sa kabilang panig, habang malinaw na nakinabang sa anti-imperyalismo at papalaking rekurso para sa pagbibigay ng serbisyong panlipunan at pang-ekonomya, patuloy na nagdusa ang malawak na masang manggagawa at magsasaka sa pang-aapi at pagsasamantala dahil nanatiling dominante ang dayong malalaking kapitalista at mga panginoong maylupa sa ibang larangan ng ekonomya at kapangyarihang pang-estado .

Ang lumalalang kalagayan ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, ang lumalalim na tunggaliang paksyunal sa naghaharing uri, ang nagtatagal na resesyon ng US at pagbangon ng China bilang katunggaling imperyalistang kapangyarihan ay kabilang sa mga umiiral na kundisyon kung saan naganap ang pag-usbong ng naiibang pulitikong si Rodrigo Duterte bilang presidente ng GRP.

Taimtim na tinatanaw ng mamamayang Pilipino at kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang posibilidad na mabuo ang alyansa sa rehimeng Duterte sa balangkas ng pambansang pagkakaisa, kapayapaan at kaunlaran. Dito masusubukan si Duterte. Tototohanin ba niya ang kanyang salita at susunggaban ang oportunidad na manindigan laban sa imperyalismong US? O lalabas ba na puro lamang siyang hangin?

Dapat dinggin ni Duterte ang lumalakas na sigaw ng mamamayan para sa lupa, hanapbuhay, dagdag-sahod, libreng edukasyon, pagtatanggol sa soberanya ng Pilipinas laban sa panghihimasok ng US, pagtatanggol sa pambansang patrimonya at pag-unlad at modernisasyon ng ekonomya, at pagwawakas sa korupsyon at kriminalidad sa burukrasya, militar at pulis.

Kung mabigo o tumanggi siyang makinig, magiging isa lamang siyang anomalya ng kasaysayan at matutulad sa kinauwian ng rehimeng Estrada.

Handang-handa ang mamamayang Pilipino na paigtingin ang digmang bayan at isulong ang rebolusyon at mga pakikibakang masa para paalingawngawin ang kanilang mga demokratikong kahilingan.

Dapat patuloy na ipatupad ng Bagong Hukbong Bayan ang mga tungkuling itinakda ng Komite Sentral ng PKP na paigtingin ang digmang bayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng mas maraming taktikal na opensiba at pagsamsam ng mas maraming sandata mula sa kaaway.

Tangan ang estratehiko at makasaysayang punto-de-bista, batid ng proletaryong Pilipino na sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyong bayan na mapagpasya at puspusang mawawakasan ang paghahari ng mga imperyalista, malalaking burgesyang komprador at panginoong maylupa sa pamamagitan ng pagbabagsak sa kanilang armadong estado.

Sa pagpapaigting ng kanilang mga pakikibaka, tiyak na makakamit ng mamamayang Pilipino ang higit na malalaking tagumpay sa mga darating na taon. Nakatakdang sumulong ang digmang bayan sa ilalim ng rehimeng Duterte. AB